

ALAMIN ANG TUNGKOL SA SERBISYONG PANGTELEPONO

At...

- Makatipid ng pera
- Makaiwas sa pagdaraya sa telepono
- Makamit ang pinaka-mabuting serbisyo para sa inyo



Kung kayo ay may problema sa pagdaraya sa telepono, makipag-ugnayan kaagad sa inyong kompanya ng telepono, hilingin na tanggalin ang mga siningil at ipalik sa inyong piniling serbisyo. Kung maaari, tumawag sa "fraud hotline." Para mas higit na makaalam, humingi ng isang pulyeto ng CPUC sa pamamagitan ng pagtawag sa fraud hotline o maglimbag ng kopya mula sa: www.calphoneinfo.com.



Kung kailangan ninyo ng tulong sa reklamo tungkol sa serbisyo ng telekomunikasyon o kuwenta, tumawag muna sa inyong kumpanya ng telepono. Kung hindi maareglo ang inyong problema, maaari kayong magsampa ng reklamo online sa: www.calphoneinfo.com o tumawag sa Hotline ng **Consumer Affairs Branch** (Sangay para sa mga Asunto ng Tagakonsumo) at ng **Utility Fraud** (Pandaraya Kaugnay sa mga Palingkurang-bayan) sa: **1(800) 649-7570**



CPUC

Take Charge of Your Phone Service -Tagalog – May 2012

Pamahalaan ang Inyong Serbisyo Ng Telepono

KOMISYON NG
CALIFORNIA SA
MGA GAMIT
PAMPUBLIKO





Pagpipilian

Serbisyong Lokal Na Pangtelepono

Ipaghambing ang mga singil at serbisyo. Maaaring nakalip sa singil ng lokal na telepono ang:

- Minsanang bayad upang simulan o palitan ang serbisyo.
- Buwanang bayad.
- Mga singil sa mga tawag sa labas ng inyong lokal na tinatawagang lugar.

“Long Distance” na Serbisyon Pangtelepono

Maraming mga kompanya ng “long distance” ang mapagpipilian. Alamin:

- Magkano ang gastos ng isang plano bawat buwan at ano ang kasama nito?
- Mayroon bang mga pinakamababang singil?
- Alamin na ang espesyal o “promotional rates” ay maaaring magtagal lamang ng maikling panahon.

Pamahalaan ang Inyong Serbisyo Ng Telepono

“California LifeLine”

Maaari kayong makatanggap ng diskuwento sa lokal na serbisyong pangtelepono. May dalawang paraan maging marapat. Una kung ang inyong kita ay mas kulang sa:

1-2 miyembro	\$ 24,700
3 miyembro	\$ 28,800
4 miyembro	\$ 34,800
Sa bawat dagdag na miyembro	\$ 6,000

(ay maaaring magbago pagkatapos ng 05/31/13)

Pangalawa, maaari kayong maging marapat kung nakatanggap ka ng SSI, NSL, Medicaid, Medi-Cal, Healthy Families, LIHEAP, Food Stamps, TANF, WIC o “tribal assistance.” Kung kayo ay kasalukuyang nakatala ng pangalan, ipadala ang “renewal form” bawat taon kung hindi ay mata-tanggal kayo at kailangan ninyong mag aplay ulit.

Panlilinlang sa Telepono

Iwasan ang panlilinlang at tignan ng mabuti ang inyong babayaran sa telepono bawat buwan. Bantayan ang:

- **Mapanlinlang na mga Patalastas** - Basahin ng mabuti ang buong patalastas bago kayong pumili ng isang opsyon para sa serbisyo. Itago ang mga patalastas para sa mga serbisyo na inyong tinangkik. Maaring hingin ang impormasyon sa inyong katutubong wika.
- **Ang “Slamming”** ay ang paglipat ng inyong serbisyong pangtelepono sa ibang kompanya na hindi mo pinahintulutan.
- **Ang “Cramming”** ay ang paglalagay ng mga singil sa inyong babayaran sa telepono na hindi mo pinahintulutan. Maaaring may kinalaman sa anuman ang mga singil na ito.



Serbisyo ng “Cell Phone”

Ang CPUC ay naglathala ng babasahin tungkol sa pagbili ng serbisyong “cell phone.” Para sa isang kopya, tumawag sa: 1-800-649-7570, o ilimbag ito mula sa website: www.calphoneinfo.com. Sa pangkalahatan:

- Alamin kung kailan, saan at paano ninyo gustong gamitin ang “cell phone” at suriin ang inyong mga opsyon.
- Unawain kung ano ang inyong pinipirmahan
- Gamitin ang panahong pangsubok (trial period) upang tiyakin ang inyong serbisyo at kung kina-kailangan, pagwalan ng bisa sa panahon na hindi kayo sisingilin dahil sa maagang katapusan.

Mga “Prepaid Phone Card”

Ang “prepaid phone card” ay nagpapahintulot sa inyo upang makatawag mula sa anumang telepono. Ang bawat isa nito ay dapat may kasamang:

1. Pangalan ng kompanya.
2. Paglalarawan ng lahat ng mga singil.
3. 24-oras na “toll-free number” para sa paglilingkod sa mga parokyano.
4. Petsa ng kawalan ng bisa.
5. Paano makakakuha ng “refund” para sa mga tawag na hindi nakonektado.
6. Paano tinantiya ang mga minuto: dagdagan o bawasan.
7. Paano magdagdag ng pondo sa card.